



Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

Ang Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikula: Pagbakas sa Konsepto ng Coming of Age sa Pelikulang Bagets (1984)

Christopher Bryan A. Concha

De La Salle University, Manila

Corresponding Author: christopher_concha@dlsu.edu.ph

Abstrak: Nananatiling manipis ang linyang naghihiwalay sa konsepto ng teen film at coming of age partikular na sa lokal na konteksto. Isa sa rason na maaaring makita rito ang kakulangan ng mga pag-aaral patungkol sa dalawang nabanggit na genre lalo na sa coming of age. Sa ganitong diwa, layon ng papel na ito na mabakas ang pagkakaiba ng teen film at coming of age gamit ang pelikulang Bagets (1984). Isang panimulang hakbang ang papel na ito sa mas malaking proyekto ng mananaliksik patungkol sa coming of age films sa Pilipinas. Mahahati ang papel sa dalawang seksyon. Tatalakayin sa unang bahagi ang mga kaugnay na literatura tungkol sa teen film, coming of age film, at mga salik na pumapaloob sa pagsasawastong gulang o adulthood. Matapos malinaw ang mga nabanggit na konsepto, dumako ang papel sa pagsusuri sa pelikulang Bagets (1984). Nakatuon lamang ang pananaliksik sa pagtukoy sa senyales ng pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan o coming of age ng limang pangunahing tauhan na sina Adie (Aga Muhlach), Tonton (William Martinez), Toffee (J.C. Bonnin), Gilbert (Herbert Bautista), at Arnel (Raymond Lauchengco). Lumabas sa pag-aaral na pawang dumanas o humarap sa problema ang limang pangunahing tauhan bago mabakas sa kanilang mga karakter ang ilang palatandaan ng pagsapit ng kamuwangan. Nagkaroon sila ng mas malawak at malalim na pag-iisip, naging malinaw ang direksyon sa buhay, at natutuhang magpasya nang walang pamimilit o pandidikta ng iba.

Mga Susing Salita: Bagets; Coming of age; Teen film; Pelikulang Pilipino; adulthood

1. PANIMULA

Sa pagpapaliwanag ni Butt (2018), madalas na naipagpapalit ang teen film at coming of age sapagkat parehong nakatutok ito sa karanasan ng mga nagbibinata o nagdadalaga. Gayon man,

nagkakaiba ang dalawang genre pagdating sa lalim at/o bigat ng mga suliraning kinakaharap ng mga tampok na aktor sa pelikula. Tipikal na ipinakikita sa isang teen film ang magagaan at masasayang kabanata sa buhay ng isang binata o dalaga. Kaya naman, karaniwang nasa haykul ang tagpo ng mga



DLSU
RESEARCH CONGRESS
Towards Industry 4.0
Knowledge Building

2019

Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

teen film. Sa kabilang banda, nakasentro sa seryoso at mabibigat na karanasan ng mga nagbibinata o nagdadalaga ang tuon ng coming of age films. Kadalasang umiikot ang istorya nito sa malalaking suliranin na kinakailangang lutasin ng mga tampok na karakter katulad ng pagkilala sa sariling identidad at/o seksuwalidad, pagpili ng karerang tatahakin, at pagdanas sa tinatawag na adulating o pagharap sa buhay ng isang nasa wastong gulang na.

Isang panimulang hakbang ang papel na ito sa mas malaking proyektong patungkol sa kasaysayan ng coming of age films sa Pilipinas. Nais itong simulan ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri ng pelikulang *Bagets* (1984). Ito ang napili bilang teksto ng pananaliksik sapagkat ito ang itinuturing na humawi ng daan para sa pagsikat ng mga youth-oriented movies sa bansa.

2. METODOLOHIYA

Mahahati ang papel sa dalawang seksyon. Tatalakayin sa unang bahagi ang mga kaugnay na literatura tungkol sa teen film, coming of age film, at mga salik na pumapaloob sa pagsasawastong gulang o *adulthood*. Matapos malinaw ang mga nabanggit na konsepto, dadako na ang papel sa pagsusuri sa pelikulang *Bagets* (1984). Nakatuon lamang ang pananaliksik sa pagtukoy sa mga senyales sa pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan o coming of age ng limang pangunahing tauhan na sina Adie (Aga Muhlach), Tonton (William Martinez), Toffee (J.C. Bonnin), Gilbert (Herbert Bautista), at Arnel (Raymond Lauchengco). Sa huli, magkakaroon ng paglalagom kung paanong naipakikita ang pagsapit ng kamuwangan sa pelikulang Pilipino.

3. PAGTALAKAY SA DATOS

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Sa kaniyang disertasyon, tinalakay ni Schmidt (2002) ang tinatawag na juvenilization sa Hollywood matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ginamit ang mga baby-boom teenagers bilang target na tagapanood sa mga nilikhang pelikula noong mga panahong iyon. Kung sisipatin ang naging pag-aaral ni Considine (1985) ukol sa

teen film, kalimitang nakatuon ang mga pelikulang ito sa pag-ibig, pakikipagrelasyon, at pakikipagtalik. Sa kabanatang *Youth in Love and Having Sex* ni Shary (2005), tinalakay niya ang paraan ng pagpapakita ng relasyon o pakikipagrelasyon ng mga kabataan sa pelikula. Binibigyang-diin sa bahaging ito ang paghahanap ng pag-ibig at/o paghahanap ng makakatalik (upang tuluyang makawala sa pagiging birhen) ng mga tampok na karakter.

Ikinakabit naman ni Driscoll (2002) ang teen film sa youth culture, partikular na ang girl culture. Sa kaniyang paliwanag, namumuhanan ang teen film genre sa pagpapalitaw ng kulturang popular sa mga kabataang babae katulad ng estilo ng pananamit, girly pop music, at mga naratibong pumapatungkol sa pakikipagrelasyon.

Kung kalimitang nakatuon sa pag-ibig, relasyon, pakikipagtalik, o pagpapalitaw ng kulturang popular ang mga tema ng teen film, naiiba naman ang itinuturing na subgenre nito na coming of age. Mas nakapokus ang coming of age sa pagtamo ng malalim na antas ng kamuwangan o maturity bilang paghahanda sa pagharap sa buhay ng isang nasa wastong gulang o adulthood. Sa kaniyang sariling website, inilahad ng manunulat na si Michael Hauge (2015), ang istruktura ng isang istoryang patungkol sa coming of age. Kinakailangang harapin ng tauhan ang mga suliranin nang hindi umaasa sa mga magulang at/o kaibigan. Sa huli, magagawang mapagtagumpayan ng pangunahing karakter ang problema. Gayon man, batid niya sa kaniyang sarili na simula pa lamang ito ng mas marami pang pagsubok na kaniyang kahaharapin bilang isang binatang bumabagtas sa yugto ng pagsasawastong-gulang

Iniuugnay naman ni Hestand (2018), ang konsepto ng coming of age film sa pelikula sa ikalimang bahagi ng *Stages of Psychosocial Development* ni Erik Erickson. Dumarating ang ganitong kabanata sa buhay ng isang indibidwal, mula labing-dalawa (12) hanggang labing-walo (18). Sa panahong ito nagkakaroon ng kalituhan ang isang tao sa kaniyang sariling identidad at papel na kailangan niyang gampanan sa pamilya at sa lipunang kaniyang ginagalawan.

Sa puntong ito, bago tuluyang pumalaot sa pagsusuri sa pelikulang *Bagets*, mahalagang maging malinaw muna kung ano depinisyon ng pagsasawastong gulang o adulthood at paano mababatid na dumaraan na sa ganitong yugto ang isang indibidwal. Ayon sa pag-aaral ng State



DLSU
RESEARCH CONGRESS
Towards Industry 4.0
Knowledge Building

20
19

Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

Adolescent Health Resource Center, masasabing nasa edad labing-walo (18) hanggang dalawampu't apat (24) ang sakop ng adulthood. Lumabas din sa kanilang pananaliksik ang ilan sa mga salik na nakapaloob sa adulthood. Isa rito ang pagkilala at pagtanggap ng isang indibidwal sa kaniyang sariling identidad at seksuwalidad. Mula sa pagtuklas sa sarili sa yugto ng coming of age, tuluyan nang tinatanggap ng isang indibidwal ang kaniyang katauhan sa yugto ng adulthood.

Kasama rin sa adulthood ang pag-unlad sa kapasidad na mag-isip nang malalim at may kabuluhan. Mas nagiging bukas na ang isip ng isang indibidwal sa perspektiba ng ibang tao. Bukod pa, hindi na naaapektuhan ng opinyon ng ibang tao ang pansariling mga pagpapahalaga o desisyon. Natututo na ang isang indibidwal sa yugtong ito na panindigan ang kaniyang sariling pagpapasya. Sa ganitong yugto rin naisasaayos ang kalimitang nagkakalamat na relasyon sa pamilya o kaibigan sa panahon ng adolescence. Bunga ng mas malalim at bukas na pag-iisip, nagiging mas maayos ang pakikisalamuha ng isang indibidwal sa loob ng bahay at sa mga taong nakapaligid sa kaniya. Higit sa lahat, sa sitwasyong ito mas tumatanggap ng mabibigat at malalaking responsibilidad ang isang indibidwal.

Pagsusuri sa Bagets

Ang pelikulang Bagets ay ipinalabas noong 1984 sa ilalim ng Viva Films at sa pagdidirehe ni Maryo J. Delos Reyes. Kung pagbabasehan ang mga naging pag-aaral nina Butt (2018) at Shary (2005), masasabing isang magandang halimbawa ng teen film ang pelikulang Bagets sapagkat mas nangingibabaw rito ang magagaan at masasayang tagpo sa buhay ng isang nagbibinata/nagdadalaga tulad ng pagkaramdam ng paghanga sa ibang tao at mga pagtatangkang makapasok sa isang romantikong relasyon. Sa kabilang banda, mababakas pa rin sa ilang bahagi ng pelikula ang mga konseptong pumapaloob sa coming of age. Sisipatin ito ng papel batay sa ipinakitang danas ng limang pangunahing tauhan, na pawang nasa dulo ng pelikula.

Si Adie at ang Pagtanggap sa Pagkakamali

Si Adie (Muhlach) ay isang anak ng manunulat. Nahulog ang loob niya sa kapit-bahay at kaibigan ng kaniyang ina. Gayon man, ang babaeng natitipuhan niya na si Ivy (Baby Delgado) ay may asawa na at nagtatrabaho lamang sa ibang bansa. Sa kabila nito, patuloy pa ring nagkaigihan ang dalawa. Madalas na nagpupunta si Adie sa bahay ni Ivy at kung minsan ay lumalabas sila. Sabik na nagtungo si Adie sa tahanan ng kaniyang sinisinta upang ayang maging kapares sa nalalapit na Junior-Senior (JS) Prom, ngunit natigilan siya nang makitang kasama na ni Ivy ang asawa. Ipinakilala siya ni Ivy sa kaniyang asawa. Nakipagkamay ang asawa ni Ivy ngunit hindi siya pinansin ni Adie at umalis nang walang paalam. Bumalik siya sa bahay ni Ivy at tinanong kung ano na ang mangyayari sa kanilang dalawa. Sinagot siya ni Ivy at sinabing darating din ang babaeng para sa kaniya. Labis itong dinibid ni Adie kung saan ipinakitang naglasing lamang sila ng kapwa bigo sa pag-ibig na si Gilbert (Bautista). Sa huli, natanggap din ni Adie ang pagkabigo at muling nagtungo sa bahay ni Ivy upang humingi ng tawad sa asawa nito:

Adie: I just want to apologize about my behavior the first time I met you.

Asawa ni Ivy: It's alright. I understand, little boy.

Adie: Little boy?

Asawa ni Ivy: Young man.

Ipinakikita lamang rito na bagama't hindi agad natanggap ni Adie ang kabiguan, nagkusa pa rin siyang lumapit upang humingi ng tawad. At sa kanilang pag-uusap, nagkaroon ng pagpapahiwatig sa ang kaniyang karakter na hindi na lamang siya bata ngunit isa nang ganap na binata. Nagkaroon na ng tapang si Adie na tanggapin ang kaniyang pagkakamali.

Si Toffee at ang Pagiging Ganap na Lalaki

Ang mga karakter nina Toffee at Adie ang masasabing pinakamalapit sa isa't isa. Anak ng artista si Toffee at palaging naiwan sa pangangalaga ng kaniyang tiyahin. Nang malapit na



DLSU
RESEARCH CONGRESS
Towards Industry 4.0
Knowledge Building

2019

Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

ang kaniyang kaarawan, pinangakuan siya ng kaniyang inang ipagluluto at magkasamang magdiriwang. Gayon man, nakaligtaan ng ina ang pangako sa anak at sumama sa nobyo. Sumama ang loob ni Toffee at umalis siya sa kanilang tahanan. Makikilala niya ang flight attendant na si Ivy (Baby Delgado).

Katulad ni Adie, mahuhulog ang loob ni Toffee sa babaeng mas matanda sa kaniya – si Ivy. Magkakapalagayan sila ng loob hanggang sa may nangyari sa kanilang dalawa. Gayon man, isang araw, nang dalawin ni Toffee si Ivy, ipinabatid ng dalaga ang kaniyang nakatakdang pag-alis sapagkat yayayain na siyang magpakasal ng kasintahan. Tinanong ni Toffee kung paano na ang kanilang relasyon. Sinagot siya ni Ivy na mananatili pa rin silang magkaibigan kahit anoman ang mangyari. Bukod pa, ipinaalala niya ang nangyari sa kanilang dalawa:

Ivy: Come on, Toffee. I made you a man, remember? So, act like a man. Hindi ka na bata, di'ba?

Makikita mula sa linyang ito ang pagtingin sa paglaya mula sa pagiging birhen (virgin) bilang isa sa manipstasyon ng pagiging isang ganap na lalaki. Iginiit ni Ivy kay Toffee na hindi na dapat kumilos ang binata bilang isang bata sapagkat ginawa na niyang ganap na lalaki ito matapos ang nangyari sa kanilang dalawa.

Bukod kay Ivy, kapansin-pansin din ang tunggalian ni Toffee laban sa kaniyang ina. Isang araw, nagulat na lamang ang binata na malinis na ang kaniyang kuwarto. Dumating ang kaniyang ina at sinabing siya ang nag-ayos nito. Humingi ng tawad ang kaniyang ina para sa lahat ng pagkukulang niya at sinabing tinanggihan niya ang alok na pelikula ni Brocka upang magampanan ang pagiging ina. Sinabi ni Toffee na mas mainam kung tanggapin niya ang trabaho at tuparin ang sariling pangarap:

Toffee: Nagkulang ka nga sa akin noon. Pero wala na tayong magagawa tungkol doon. So, stop

treating me like a child. Because I'm not a child anymore.

Makikita sa linyang ito ang mas malalim na pang-unawa ni Toffee sa sitwasyon nila ng kaniyang ina. Sa halip na patuloy na magtampo, pinili niyang unawain ang sitwasyon. Natutuhan din ni Toffee na patawarin at kalimutan ang mga naging pagkukulang sa kaniya ng ina. Bukod pa, iginiit din niyang hindi na siya bata para paamuhin at suyuuin.

Si Gilbert at ang Proseso ng Pagbibinata

Lumaki si Gilbert na palaging pinag-aawayan ng kaniyang mga magulang ang pantustos sa kanilang pamilya. Negosyante ang kaniyang ina, samantalang pulis ang ama na malimit magbigay ng pera sa kanila. Isang araw, nang magkayayaan silang magkakaibigan na pumunta sa isang ispakol, sinugod ito ng mga pulis. Nakita niya ang ama na isa rin sa parokyano roon. Sinarili lamang ni Gilbert ang nakita. Nang dumating mga gasutsin para sa kaniyang pagtatapos ng hayskul, sinabi ng ina na walang badyet para rito. Napilitan si Gilbert na puntahan sa ispakol ang ama para kausapin.

Gilbert: Alam niyo, daddy, ang turo sa amin sa eskuwelahan, ang ama dapat ang nagsusuporta sa kaniyang pamilya. Hindi ba kayo ang ama namin? Aba, kung mali ang turo nila sa eskuwelahan, hindi na ako mag-aaral.

Katulad ni Toffe, nagkaroon din ng malawak na pang-unawa si Gilbert sa sitwasyon ng kaniyang pamilya. Sa halip na mamuhi sa ama, nagkusa siyang lumapit at kausapin ito, nang hindi nawawalan ng respeto sa kabila ng mga kakulangan sa kanilang magkakapatid.

Bukod sa pang-unawa sa sitwasyon ng kanilang pamilya, ipinakita rin sa karakter ni Gilbert ang tradisyon ng pagpapatuli at pagturing dito bilang isa sa mga prosesong kinakailangang pagdaanan ng isang lalaki upang maging binata. Nang malaman ng kaniyang barkada na supot pa



DLSU
RESEARCH CONGRESS
Knowledge Building Towards Industry 4.0

2019

Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

siya, napilitan si Gilbert na magpatuli sa kabila ng pagkatakot sa operasyon.

Si Arnel at ang Pagpapasya Para sa Sarili

Si Arnel ay anak ng mag-asawang negosyante at siya ang inaasahang magpapatuloy ng kanilang kompanya. Palagi siyang pinagsasabihan ng ina na paghusayan ang pag-aaral. Kung anoman ang ipinag-uutos ng ina, sinusunod ito ni Ariel. Sa hindi inaasahang pagkakataon, nahulog ang kaniyang loob sa kamag-aral na si Janice, nagmula sa hindi gaanong mayamang pamilya. Nang dalhin niya ang sinisinta sa bahay, agad siyang pinagsabihan ng ina at tinutulan ang kanilang namumuong relasyon. Bunga ng takot sa ina, sumunod si Arnel at nilayuan si Janice. Gayon man, sa huli, mapagtatanto ni Arnel na hindi na siya bata at may kakayahan na siyang magpasya para sa sarili. Kung kaya, muli niyang dinala ang iniirong sa kanilang tahanan upang ipakilala muli sa mga magulang:

Nanay ni Arnel: Arnel, you promised me that you won't see her again.

Arnel: Mom, I love her.

Nanay ni Arnel: Arnel. Nagiging disobedient ka na ngayon ha.

Arnel: Hindi mo ba ako naririnig? I said I love her.

Nanay ni Arnel: So?

Tatay ni Arnel: So, stop treating him that way, Ditas...Ditas, hindi na bata ang anak natin. Let him decide on his own.

Ipinakikita rito na nagkaroon na ng lakas ng loob si Arnel na sundin ang kaniyang kagustuhan nang walang pandidikta mula sa kaniyang ina. Sinuportahan siya ng kaniyang ama na napagtanto rin na malaki na ang kanilang anak at may kapasidad nang magdesisyon para sa sarili. Sa konteksto ng pamilyang Pilipino, kalimitang nagiging isang malaking hamon para sa mga dumaraan sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan ang pagpapasya para sa kanilang mga sarili. Hangga't sinusuportahan ng magulang, nananatiling nakatali sa personal na kagustuhan at/o ng mga magulang ang desisyon ng anak.

Si Tonton at ang Pagpapalano sa Buhay

Si Tonton ang pinakamatanda sa magbabarkada. Ilang beses siyang umulit ng 4th year dahil sa kaniyang pagbubulakbol. Bukod pa, siya rin ang pinakababaero sa kanilang lahat. Ilang buwan bago ang kanilang nalalapit na pagtatapos ng hayskul, nakilala at mahuhulog ang loob niya kay Rose (Yayo Aguila). Magkakapalagayan sila ng loob at tuluyan niyang magiging kasintahan si Rose. Nang ihahatid na ni Tonton si Rose mula sa kanilang Junior-Senior Promenade (JS Prom), may nakasabay silang grupo ng mga kalalakihan. Inasar ng mga lalaki si Tonton at hinamon na magpabilisan ng takbo ng kotse. Sa kasagsagan ng kanilang karera, may nakasalubong silang sasakyan at kinaliwa ni Tonton ang kotse kung kaya nawalan sila ng balance na naging sanhi upang tumagilid sila. Itinakbo sila sa ospital, ngunit idineklarang dead on arrival si Rose.

Bunsod ng aksidente at pagkamatay ng kasintahan, maraming bagay na napagtanto si Tonton. Mula sa pagiging palaaway, babaero, at walang direksyon sa buhay, nagkaroon siya ng mas malalim na pag-iisip, o maturity kung tawagin. Siya ang naging daan upang mapag-ayos ang kaniyang mga magulang. Nabawasan din ang pagiging mainitin ng kaniyang ulo.

Dalawang araw bago ang kanilang pagmartsa, nagkaroon ng inuman ang magbabarkada ang napag-usapan nila ang kanilang mga plano pagkatapos ng hayskul. Pabiro itong sinagot ng magkakaibigan maliban kay Tonton. Hinikayat niya ang mga kabarkadang seryosohin na ang buhay lalo pa at magtatapos na sila ng hayskul. Ibang buhay na ang kahaharapin nila sa kolehiyo. Inamin niya na nangyari ang lahat ng kaniyang kabiguan dahil sa kaniyang sariling kapabaya-an. Hinimok niya ang mga kaibigang huwag pamarisan ang kaniyang mga pagkakamali.

Tonton: Two days from now, ga-graduate tayong lahat. Pero alam ba natin ang meaning ng graduation? Oo, alam natin from hayskul, college na tayo, pero 'yon lang. Pero dehins mga pare. Ang meaning ng graduation, pagbabago. Pagbabago nating lahat. Pero sa tingin ko sa mga ginagawa natin, malayong mangyari 'yon. Mga pare, maawa kayo sa mga sarili niyo. Huwag niyo akong tularan. Ako, tumatanda ako ng paurong.



Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

Mababakas mula rito na natuto na si Tonton mula sa kaniyang mga pagkakamali. Bunsod ng mga pagkabigong ito, nagkaroon siya ng kagustuhang ituwid ang kaniyang pagkakamali at planuhin ang kaniyang kinabukasan.

4. PAGLALAGOM

Kapansin-pansin na pawang nakaranas ng problema o pagdurusa ang limang pangunahing tauhan bago lumabas sa kanila ang ilang salik ng pagsapit ng kamuwangan o coming of age. Nariyan ang kabiguan sa pag-ibig, problema sa pamilya, at pagkamatay ng taong minamahal. Sa kabila ng kanilang mga kapilyuhan at kalokohan sa simula hanggang sa gitna ng pelikula, nagkaroon pa rin ng mga pagbabago sa kanilang karakter. Nagkaroon ng mas malawak at malalim na pag-iisip, naging malinaw ang direksyon ng buhay, at natutuhang magpasya nang walang pamimilit o pagdidikta ng iba.

5. PASASALAMAT

Nais pasalamatan ng mananaliksik ang direktor ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center (BNSCWC) na si Dr. Ronald Baytan sa kaniyang pagbibigay ng ideya at suporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

6. SANGGUNIAN

Butt, K. (2018, July 3). What Makes a Coming-of-age films? (Genre Series). *Raindance*. Retrieved from <https://www.raindance.org/coming-of-age-genre/>.

Considine, D. M. *The Cinema of Adolescence*. New York, McFarland, 1985.

Del Rosario, V. (producer) & Delos Reyes, M. J. (director). (1984). *Bagets*. Philippines: Viva Films.

Hauge, M. (2015, June 25). Q & A: Coming of age Stories. Retrieved March 5, 2019, from <https://www.storymastery.com/qa/qa-coming-age-stories/>.

Hestand, Z. (2018, April 3). The Beginner's Guide: Coming-of-age. *Film Inquiry*. Retrieved from <https://www.filminquiry.com/beginners-guide-coming-age/>.

Schmidt, M. P. (2009). *Coming of age in American cinema: modern youth films as genre*. Dissertation, University of Massachusetts.